WCB FACTS 2024

ASSESSABLE PAYROLL

Bawat taon, ang mga employer ay nagrereport ng payroll sa Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) upang magamit sa pagkukwenta kung magkano ang mga premium na dapat bayaran ng employer para sa coverage ng insurance sa kabayaran ng kanilang mga manggagawa (compensation insurance coverage).

Ang Payroll ay binubuo ng mga kita ng mga manggagawa, kita ng mga kaswal na manggagawa at ang bahagi ng trabaho ng mga kabayaran ng mga kontratadong manggagawa. (Para sa karagdagang impormasyong espesipikong patungkol sa mga kontratadong manggagawa, tingnan ang FAQ Assessment Schedule for Contract Labour (Mga Dapat Malaman – Iskedyul ng Pagtatasa para sa Kontratadong Trabaho na nasa WCB website.) Ang mga employer ay hinihiling na ireport kapwa ang kanilang gross payroll at ang kanilang assessable payroll. Para sa karamihan ng negosyo, ang mga halagang ito ay pareho.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng payroll at mga kita?

Para sa mga layunin ng WCB, ang mga kita ay tumutukoy sa kung ano ang bayad sa bawat indibiduwal na manggagawa para sa kanilang trabaho. Ang payroll ay tumutukoy sa kabuuang kita ng lahat ng pinagsama-samang nasakupan na mga manggagawa (hindi kasama ang mga indibiduwal na mayroong Personal na Coverage) at maaari ding maisama ang mga kita para sa mga indibiduwal na hindi binigyan ng isang T4 slip ng negosyo.

Ano ang pagkakaiba ng gross payroll sa assessable payroll?

Ang halaga na inireport ng mga employer, kada manggagawa, ay napapailalim sa isang cap, o pinakamataas na antas ng assessable na mga kita. Sa 2022, ang pinakamataas na antas ng assessable na mga kita ay $150,000. Para sa 2023, ang pinakamataas na antas ng assessable na mga kita ay $153,380. Ang mga employer ay hindi sinisingil ng premium sa bahagi ng mga kita ng manggagawa na lumalampas sa pinakamataas na assessable na mga kita.

Halimbawa, kung ang lahat ng iyong manggagawa ay kumikita ng mas mababa sa pinakamataas na assessable na mga kita na $150,000 para sa 2022, kung gayon ang gross payroll at ang assessable payroll ay pareho dapat ang halaga.

Kung may sinumang indibiduwal na manggagawa na kumita ng higit sa pinakamataas na assessable na mga kita para sa 2022, dapat i-ulat ng employer ang assessable na mga kita ng indibiduwal bilang maximum assessable na $150,000. Ang kabuuan na halaga ay tinuturing na gross payroll at ang mga nalimitahang mga kita ay itinuturing na assessable payroll.

Halimbawa kung paano gagamitin ang pinakamataas na antas ng assessable na mga kita:

Ang isang kompanya ay mayroong dalawang manggagawa sa 2022. Ang isang manggagawa ay kumita ng $160,000 at ang isa pang manggagawa ay kumita ng $135,000. Ang pinakamataas na assessable na mga kita para sa 2022 kada manggagawa ay $150,000.

Ang gross payroll ng employer para sa 2022 ay $295,000 ($160,000 + $135,000 = $295,000).

Ang assessable payroll ng employer para sa 2022 ay $285,000 ($150,000 + $135,000 = $285,000).

$285,000 ang halaga na gagamitin ng WCB para matukoy ang premium ng employer sa 2022.

Para sa 2023, inaasahan na ang isang manggagawa ay kikita ng $168,000 at ang isa pang manggagawa ay kikita ng $142,000. Ang pinakamataas na assessable na mga kita para sa 2023 kada manggagawa ay $153,380.

Ang tinatantiyang assessable na payroll ng employer para sa 2023 ay $295,380 ($153,380 + $142,000 = $295,380). Ang gross na payroll ay naaangkop lang para sa (mga) naunang taon at hindi kailangan sa kasalukuyang taon.

$295,380 ang halaga na gagamitin ng WCB para matukoy ang premium ng employer sa 2023.

Ang antas ng pinakamataas na assessable na mga kita ba ay naaangkop sa lahat ng klase ng coverage?

Ang antas ng pinakamataas na assessable na mga kita ay gagamitin sa lahat ng mga uri ng coverage kasama na ang Personal na Coverage na handang mabibili ng mga sole-proprietor, mga kapartner o direktor – ang mga indibiduwal na ito ay sumasailalim rin sa Maximum na Opsyonal na Coverage na antas na sa taong 2023 ay $153,380.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Personal na Coverage, tingnan ang seksyon ng Personal Coverage na makukuha sa website ng WCB.

Kung ang aking premium ay nakabatay sa pinakamataas, ang mga benepisyo ba ng mga manggagawa ay limitado din sa pinakamataas?

Ang mga benepisyo para sa nawalang sahod na ibabayad sa mga napinsalang manggagawa ay limitado rin sa pinakamataas na assessable na mga kita na antas na $153,380 para sa 2023. Dapat tandaan na ang mga indibiduwal na mayroong Personal na Coverage ay may kanya-kanyang mga benepisyo para sa nawalang sahod na limitado sa halaga ng coverage na binili (hanggang sa Pinakamataas na Opsyonal na Coverage na antas na $153,380 para sa 2023).

Mayroon bang pinakamababang antas ng assessable na mga kita ng mga manggagawa?

Hindi, walang pinakamababang antas ng mga assessable na kinita para sa mga manggagawa; gayunman, kung ang isang indibiduwal ay nais bumili ng Personal na Coverage (available sa mga sole-proprietor, mga kapartner at direktor), sila ay kailangang bumili ng kahit man lang ng taunang minimum na sa taong 2023 ay $27,670.

Anong mga kita ang itinuturing na assessable kumpara sa hindi assessable?

Ang assessable payroll ay isinasama ang mga kita ng mga manggagawa, mga kita ng mga kaswal na trabahador at ang bahagi ng trabaho ng mga kita ng kontratadong manggagawa. Sa pangkalahatan, kung ang mga kinita ay maaaring pabuwisan ng Canada Revenue Agency (CRA) at naisaad sa T4 ng manggagawa, ang mga kinita ay dapat maisali sa mga halaga na iyong irereport sa WCB. Kung hindi mo kinakailangang ireport ang mga kita sa CRA, sila ay hindi karaniwang itinuturing na tatayahing mga kita at hindi kailangang isama sa kalkulasiyon ng iyong payroll para sa WCB.

Ang Appendix A ay naglalaan ng mga halimbawa ng kapwa tatayahin at di-tatayahing mga kita.

Tandaan: ang mga halimbawa ng mga assessable at hindi assessable na payroll ay maaaring mabago sa anumang punto kung babaguhin ng CRA ang kanilang mga patakaran tungkol sa anong mga kita ang itinuturing na dapat patawan ng buwis o kung tutukuyin ng WCB ang ibang kabayaran na sasailalim sa pagtatasa.

Mga Nauugnay na Fact Sheet at Publikasyon

- Mga Multa at Interes sa Payroll - Maaaring maningil ng mga multa para sa kakulangan sa pag-uulat ng aktuwal na payroll sa halaga na 15% ng kaibahan sa premium sa pagitan ng na-audit at aktuwal na payroll hanggang sa maximum na $5,000.

Appendix A

Assessable na mga Kita

Anumang mga kitang T4'd (kasama ang T4A) o hindi T4'd na mga kitang naiulat sa CRA (Canada Revenue Agency) ay assessable. Ang mga sumusunod na bagay ay tatayahin din:

Kapalit na trabaho para sa mga serbisyo
Mga miyembro ng pamilya (kapag ang mga kinita ay itinala sa mga talaan ng negosyo ngunit hindi sa CRA)
Mga boluntaryong manggagawang bumbero at manggagawa ng ambulansiya (premium na batay sa bilang ng tao, hindi mga kinita)

Hindi Assessable na mga Kita

Lupon ng Direktor (mga gawain ng munisipyo), hindi T4'd, binabayaran para sa mga pagpupulong at tungkulin sa inspeksyon
Mga benepisyo sa pagkamatay
Mga dibidendo (binayaran sa mga shareholders sa T5)
Sobrang kita (mga kinita na higit ng taunang antas ng pinakamataas na assessable na mga kita)
Gastusing nakalaan pambayad para sa nagboluntaryo
Mga honoraryum
Mga konsehal ng munisipalidad (na walang Awtorisa sa Kunseho)
Nasa labas ng probinsya na kita na iniulat sa iba pang mga workers compensation board
Mga kita ng mga labas na trabahador tulad ng tinukoy ng *The Workers Compensation Act ng Manitoba*
Pensiyon at mga pagreretirong benepisyo
Panunumbalik ng mga gastusin(di-kailangang buwisan)
Mga alawans sa pagreretiro na nabayaran sa terminasyon/mahabang serbisyo/pagkawala ng kabayaran sa opisina
Paghinto ng ugnayan/paghihiwalay
Pagbayad muli sa mga utang ng shareholder
Naitalang bayad sa pagkakasakit na binayaran ng employer
Mga kita ng mga direktor ng isang korporasyon
Mga kita ng kasosyo ng isang rehistradong pakikipagsosyo
Mga kita ng nag-iisang may-ari
Mga gantimpala sa estudyante, mga honorarium, mga bursaryo, mga salaping pag-gugol sa isang iskolar, sa kondisyon na ang mga ito ay hindi natanggap na kundisyon sa pagtrabaho.
Mga benepisyo ng WCB

Kung mayroon kang mga tanong hinggil sa assessable payroll, mangyaring tumawag sa Assessment Services sa 204-954-4505 o nang walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321, ext. 4505 o mag-email sa assessmentservices@wcb.mb.ca.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.